# Dalumat ng Inang Bayan at ang Pananaw ni Andres Bonifacio sa Kababaihan[1]

**Mary Jane B. Rodriguez-Tatel**
Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas
Unibersidad ng Pilipinas

## ABSTRACT

The *Katipunan* was in their discourse of Nation the metaphor of a Mother -- *"Inang Bayan."* This intelligent conversation was a response of the *"anak ng bayan"* in the written discussion of *Madre España* expanded by the Filipino Ilustrado. The ideology in the discourse of *Inang Bayan* is inherent to all members of *Katipunan*. This ideology united the *Katipuneros* to search for the *"kagalingan ni Inang Bayan."* In the final analysis, the *Katipunan* gave a high preference to define the word nation as the "mother" vis-a vis the "patria" of the west, the value and honor given by the *supremo* to women.

It's good to engage the question, why character of a woman was used by the *anak ng bayan* to conceptualize the katipunan organization. This research will try to answer this question by presenting the following: first, the socio-cultural context that was responsible in the promulgation of such discourse; second, the perspective of *Andres Bonifacio* who was the proponent of the said discourse as brain for interpretation.

"Inang Bayan" ang dalumat ng bansa o kabuuang binuo at isinulong ng kilusang panghimagsikang nakilala bilang Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan (KKK) ng mga "Anak ng Bayan" noong siglo 19. Dinalumat ito bilang pamalit sa konsepto ng "Madre España" ng mga repormista. Nasa kaibuturan ng dalumat na ito ang prinsipyo ng kapatirang bumabalangkas sa pagkakaisa ng lahat ng mga naninirahan sa kapuluan bilang mga "anak ng bayan," ibig sabihin, isang "malawakang mag-anak" (Salazar 1997, 50; Navarro 1999, 45-46; Navarro 2000, 32; Rodriguez 2001, 16, 36-37; Rodriguez-Tatel 2006, 57 & 68). Sa dalumat ng bayang nakasakay sa imahe at talinhaga ng "ina" *vis-a-vis* "patria" (mula

[1] Papel na binasa para sa "Dangal at Kabayanihan, Pambansang Kumperensiya sa Kasaysayan at Historiograpiya," Ninoy Aquino Library and Learning Resources Center, Bulwagang Balagtas, PUP Mabini Kampus, Sta. Mesa Manila, noong Nobyembre 26, 2013.

sa *pater* o ama na isang lalaki), masisipat ang matayog na pagpapahalaga sa kababaihan ni Andres Bonifacio, ang "Ama" ng kilusan.

Magandang itanong at pagmuni-munian, bakit "babae" o bakit "ina" ang konseptuwalisasyon ng kabuuan ng Katipunan? Tatangkaing sagutin ang nasabing katanungan sa pamamagitan ng dalawang puntong nais tunghayan sa panayam na ito: una, ang kontekstong pangkalinangan at pangkamalayang nagluwal sa konseptuwalisasyon ng bayan bilang babae; at ikalawa, ang pananaw ng isa sa mga tagapagdalumat nito na si Andres Bonifacio sa kababaihan bilang isang daluyan ng nasabing konteksto sa panahong kinailangan ng bayan ng kaisipang gagabay sa landas ng paglaya at pagsasarili noong siglo 19. Sa ganang una, sisikaping maipaunawa ang kamalayang nakapaloob sa salitang "bayan" gayundin ang dalumat ng "ina" bilang bahagi nito. Sa ganang ikalawa, tutunghayan sa ilang karanasan at pag-aakda ni Bonifacio ang naging pananaw niya sa kababaihan bilang daluyan ng nasabing kamalayang bayan.

### *Ang Diwa ng "Ina" sa Kamalayang Bayan*

Holistiko ang umiiral na pananaw ng mga tao sa isang kapaligirang malaya at bukas gaya ng kapuluan, mapagkupkop at mapagkalinga bunsod ng yaman ng kalikasan at katangian nitong agrikultural. Sa prinsipyong ito ng holismo nakapaloob ang iba't ibang anyo ng talaban ng kalikasan at tao. Sa paniniwalang ito, lahat ng bagay ay nagkakaroon ng buhay, at lahat ay nagkakaugnay-ugnay. Makikita ito, halimbawa, sa isang matandang kawikaang Gaddang:

> *Pakatoletam yo mula a ya'da na lubag ana yo lubag akanan detam.*
> [We eat the plants that the earth gives us and the earth eats us. Kinakain natin ang mga halamang ibinibigay sa atin ng lupa at kinakain din tayo kapagdaka ng lupa] (sipi mula sa Wallace 1970; akin ang salin sa Filipino).

Makikita rin ito sa paniniwala ng mga sinaunang Pilipino tungkol sa anito na tumutukoy hindi lamang sa mga espiritu ng kalikasan, kundi maging sa mga espiritu ng mga yumao. Sa bisa ng sanlibo't sanlaksang

ritwal, ipinahahayag ang labis na pagpapahalaga sa mga anito upang magabayan sila sa lahat ng mga gawain sa lupa. Dito nakasalalay ang mataas na antas ng espiritwalidad na sinasalukan ng malalim na pakikipag-ugnay ng tao sa kalikasan, gayundin ng tao sa kanyang angkan at kanunununuan (Quirino and Garcia 1958, 393; Magannon 1972).

Sumapit ang kolonyalismo subalit hindi kailanman nawala ang mapang-ugnay na kamalayang ito. Kung kaya sa halip na iwaksi o tutulan ang mga impluwensiyang mula sa labas, hinihiram ito, o higit pa rito, inaangkin at ginagawang sariling atin. Isa na riyan ang Katolisismo na bagama't niyakap ng maraming Pilipino ay patuloy pa ring nakikipagsalimbayan sa mga katutubong paniniwala gaya ng pamahiin, anting-anting, atang (ng mga Iloko), at marami pang iba (Rafael 1988; Pertierra 1988).

Sa larangan ng wika, makikita ang malikhaing pag-aangkin sa mga hinihiram na salita at pagkatapos ay ginagawa nang bahagi ng talasalitaang Pinoy. Halimbawa, ang salitang "saklolo" na galing sa Kastilang *"socorro,"* ang "silya" mula sa *"la silla,"* "bintana" mula sa *"la ventana,"* "titser" mula sa Ingles na "teacher," "dyip" mula "jeep," at marami pang iba. Sa isinagawang leksikal na elaborasyon makikita ang kaluwagan, gayundin ang pleksibilidad ng mga Pilipino. Kung kaya may salita tayong "ubra" o "pag-ubrahin" na nagpapahiwatig ng paggagalugad ng sanlibo't sanlaksang posibilidad, ng pag-igpaw sa mga hangganan, gaya ng makikitang katangian ng katubigan na siyang mapagpasya sa paninirahan sa kapuluan.

Kung papansinin, mayaman din ang ating bokabularyo sa mga salitang nilalapian ng "pakiki" e.g., "pakikisama," "pakikitungo," "pakikisalamuha," "pakikipag-ugnayan" at marami pang iba. Mga salita at konsepto itong nagpapahiwatig ng napakaraming antas ng pagbibigay-kahulugan sa mga ugnayan ng mga tao. Sa pagsuong at pag-igpaw sa samu't saring hamon ng kapaligiran sa kapuluan, e.g., baha, lindol, pagputok ng bulkan, bagyo, at iba pa, nailuwal din ang iba pang terminong malakas na nagpapahiwatig ng matalik at personal na ugnayan, i.e., "malasakit," "damayan," "tulungan," "lakaran," "bayanihan," at "kapatiran." At sa

salitang "kapatiran" mauulinigan ang pagkakaroon ng isang napakalapit na ugnayang nakasalig sa talinhaga ng "Ina." Sa sinapupunan ng ina, lahat ay nagiging likas na magkakapatid. Magkakapatid ang turingan ng mga taong may matalik na ugnayang nakabatay sa ideya ng iisang dugo o iisang pinanggalingan. Subalit may mga ritwal ng kasunduang nagpapahintulot sa kapatiran kahit na di-likas (o biolohikal) ang batayan. May ritwal ng sanduguan, halimbawa, ang mga Tagalog, may *pechen* ang mga Bontok, *bodong/vochong* ang Kalinga, *pakang* ang mga Manobo, *dyandi* at *kandugo* ang ilang grupong Muslim sa Mindanao. Bukod sa pagwawakas ng mga hidwaan, napapalawak din ng mga nasabing kasunduang pangkapayapaan ang saklaw ng kamag-anakan. Sa mga problemang dulot, halimbawa, ng mga kalamidad sa kapuluan, o di kaya'y ng mga digmaan, walang ibang kagyat na kinakapitan kundi ang bigkis ng mag-anak o kamag-anakan. Sa labis na pagpapahalagang ito sa mag-anak nakakawing din ang labis na pagpapahalaga sa inang nagluluwal ng anak. Kung gayon, nakapaloob sa bigkis na ito ng ina at anak ang pinakaesensya ng kabuuan (Rodriguez 1999, 20).

Gayon na lamang kahalaga ang dalumat ng babae/ "ina" sa sinaunang pamayanan, gayundin ang bigkis ng ina at anak. Sa papel ng kababaihan bilang tagapagluwal ng mga bayaning mandirigma ng bayan at tagapagpatuloy ng lahi, makikita ang mahalagang tungkulin nila sa lipunan, mula noon hanggang ngayon. Mga tungkulin itong labis na pinahahalagahan. At ang pagpapahalaga'y naimortalisa sa isang anyo ng katutubong sining, ang pagtatatu. Ayon sa etnograpiyang Kastila, tinatatuan ang mga taong kinikilala sa kanilang kahusayan, galing at mahalagang papel na ginagampanan. Tanda ito ng pagkilala sa kanila ng bayan at pagkakaroon ng mataas na katayuan sa lipunan. Gayundin sa mga panitikang bayan, naiukit din ang pagpapahalaga sa babae. Sa alamat ng mga unang tao sa kapuluan, e.g., "Sicalac at Sicavay" ng mga Ilonggo, o "Si Malakas at si Maganda" ng mga Tagalog, magkasabay silang lumabas sa buho ng kawayan, at sa gayo'y magkapantay. Ibang-iba ito sa kuwento sa Bibliya kung saan si Eba ay hinugot lamang sa tadyang ni Adan at sa gayo'y tinitingnang mas mahina. Matutunghayan din ang pagpapahalaga sa bigkis ng ina at anak bilang isang motif ng mga katutubong epikong gaya ng *Hudhud hi Aliguyon* sa kaso ni Aliguyon at ng kanyang inang si

Dumulao sa isang banda, at ni Pumbakhayon at ng nanay naman niyang si Dangunay. Sa *Biag ni Lam-ang*¸ tampok din ang ugnayan ni Lam-ang at ng kanyang inang si Namongan. Masasabing napakalalim na ng bigkis na ito sa kamalayan ng mga Pilipino sa simula pa man, kung kaya inunawa, tinangkilik at sa proseso'y natanggap natin ang *Pasyon* ni Hesukristo pagsapit ng kolonyalismo, hindi dahil sa kagyat na husay ng pamamaraan ng mga misyonero, kundi dahil sa napakaraming imaheng umaantig sa katutubong sensibilidad. Isa na nga rito ang malapit at madamdaming ugnayang ina-anak, sa pagkakataong ito, nina Birheng Maria at Hesus. Sa ganang ito, ang pasyon ay naging isang lunan din ng tunggalian at talaban ng mga kolonisador at kolonisado (Ileto 1979).

Samakatwid, ina o isang babae at hindi lalaki ang naging sagisag ng bayan bilang kagyat na kabuuan sa lipunan at kalinangang pinamamayanihan ng isang holistiko: mapang-ugnay, mapagkupkop, at mapagtangkilik na pananaw sa daigdig. Bagaman sinasabing dinominahan ng kolonyal at kanluraning oryentasyon ang lipunan, hindi totoong tuluyang naglaho ang kamalayang bayan. Gaya ng mga Pilipinong pamaya't mayang sumusuong sa mga hamon ng panahon at kapaligiran, nahutok din ang kakayanan ng kamalayang-bayan sa pag-aangkop, pakikibagay at sa huli'y pag-aangkin ng mga elementong mula sa labas. Isa itong malikhaing paggigiit ng Sarili laban sa mga banta ng "Iba." Ang nangyari'y ang patuloy na pakikipagtalaban ng kalinangan at kamalayang-bayan sa kulturang dayuhan. At sa kabila ng patriarka at machismong kakambal ng kolonyalismo, maya't maya ring pumipitlag ang pagpapahalaga sa "ina" at "babae" bilang metapora ng binubuong mas malawak na Bayan—ang bansang Pilipinas. Samakatuwid, masasabing malaon nang nasa kamalayan ng bayan ang pagdadalumat dito bilang ina. Subalit tahasan itong isinatinig at isinatitik ng mga bayani nating nakibaka hindi lamang para sa kalayaan, kundi lalo't higit para sa kasarinlan. At isa na sa mga bayaning ito si Andres Bonifacio.

### *"Inang Bayan" sa mga Teksto at Konteksto ni Bonifacio*

Na si Gat Andres Bonifacio ay nakaugat at nakapaloob sa panitikang bayan—giit ito ng Pambansang Alagad ng Sining Virgilio S. Almario

(1993) sa pagsusumikap niyang itampok ang batayan ng mga kaisipan ni Bonifacio hinggil sa pakikibaka at paglaya. Habang pinabubulaanan ni Almario ang mga paratang ng ibang historyador at kritiko na walang orihinalidad ang ideolohiya ng himagsikan ng bayani, lalo namang naitatampok ang pagkakaugat ng Ama ng Katipunan sa tradisyon ng bayan, maging sa larangan ng panulat. Mula sa mga ito masusumpungan ang mga pagdadalumat sa bayan bilang babae at ina. At dito rin makikita ang pinakamataas na pagpapahalaga niya sa kababaihan.

Pangunahin na sa mga tinutukoy na akda ng Supremo ang "Katapusang Hibik ng Filipinas" na kinilala ni Elenita Mabanglo bilang bahagi ng "the historic poetic triad" sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas. Ito ang patulang sagutan sa pagitan nila nina Hermenegildo Flores at Marcelo del Pilar na dinaluyan ng kanilang pananaw hinggil sa ugnayang Espanya-Pilipinas. Maaaring ugatin ang naganap na sagutang ito sa katutubong tradisyon ng panitikang pabigkas sa bansa, gaya halimbawa ng *duplo*, *soliranin*, *dalit* at *talingdao* na pawang nilalahukan ng dalawa o higit pang mambibigkas/mang-aawit na nagsasagutan. Sa kanyang akdang *Panitikan ng Rebolusyon(g 1896)*, iginigiit ni Virgilio Almario na ang mga akda ni Bonifacio ay nakapaloob sa mahaba nang tradisyon ng panitikang bayan. Ang sumunod na tanong: paano napaloob si Bonifacio sa nasabing tradisyon?

Kalabisan nang sabihing bahagi si Bonifacio ng bayan. Gayumpaman, sa ganang pagkapaloob niya sa tradisyon ng panitikang bayan, sinasabing naging aktibong kalahok siya sa mga pagtatanghal ng mga moro-moro o komedya. At sa mga pagtatanghal na ito, nahasa ang kanyang pagiging sensitibo sa sensibilidad ng taumbayang kanilang pinagtatanghalan. Nagagap niya ang wika at ang mundo ng pakahulugan nito. Diumano, isinakatutubo niya ang mga pangalan ng pook at tagpuan sa popular na *Bernardo Carpio.* Bukod sa pagtatanghal, patuloy siyang nagbasa ng mga popular na akda: awit at korido, e.g. *Bernardo Carpio*, *Florante at Laura*, mga tulang pabigkas gaya ng pasyon. Ang lahat ng ito bilang lunan ng tunggalian sa pagitan ng ideyang katutubo at dayuhan (Almario 1993; Mendez-Ventura 2001). Masasabi ring hindi lamang niya

binasa at itinanghal ang panitikang bayan kundi isinabuhay. Maaalalang noong Abril 1895, umakyat sina Bonifacio sampu ng kanyang mga kasamahan sa mga Bundok ng Montalban at San Mateo, Morong (ngayon ay Rizal), upang magpulong at magdaos ng ritwal ng Katipunan sa mga tinatawag na "yungib ni Bernardo Carpio." Isa ito umanong pagtawid sa talinhaga ng leyenda ni Bernardo Carpio na noo'y nanunuot sa popular na kamalayan. Totoong banyaga at kolonyal pa nga ang pinagmulan ng kuwentong ito subalit naangkin at ganap nang naisakatutubo ito upang magkaroon ng bisa sa mga usapin ng kalayaan at kaginhawahan ng bayan (Ileto 1998). Mula sa pagsasakatutubo ng mga lugar at imahen sa kuwento ni Bernardo Carpio, isinakatutubo rin ni Bonifacio ang imahen ng bayan bilang ina sa "Madre Espana" ng mga propagandista.

Noong 1888, isinulat ni Hermenegildo Flores, ang Bulakenyong makata (na nang malauna'y namuno ng himagsikan sa Marinduque) ang "Hibik nang Filipinas sa Inang España." Tila litanya ng mga pasakit na natamo sa mga diumano'y katiwalang prayle, isa itong sumbong at panawagan ng kaawa-awang anak (Pilipinas) sa Inang Espanya. Sa Europa noong 1889, kinatha naman ni Plaridel ang "Sagot ng España sa Hibik ng Filipinas" upang maipahayag ang habag ng Ina sa anak subalit dahil sa mga katiwaliang ginawa ng mga prayle sa Europa, hindi umano kaya ng Espanya na saklolohan at lingapin ang anak. Ipinapaubaya na niya sa anak ang sariling pagpapasiya para sa kanyang kaligtasan o dili kaya'y patuloy na pagkaalipin. Muling pinagsalita ni Bonifacio ang Pilipinas sa kanyang itinugong tulang "Katapusang Hibik ng Filipinas" (1896) na kasamang nailimbag sa unang isyu ng *Kalayaan*, ang pahayagan ng Katipunan. Sa tulang ito, dalawang mahahalagang pagkilos ang iminumungkahi ng may-akda: una, itakwil ang ina-inahang "pabaya't sukaban" at ikalawa, ipaglaban ang sariling kalayaan. Ang lohikal na tinutumbok ng pagtatakwil sa ina-inahan sa tulang ito ay ang pagkilala sa tunay na ina, walang iba kundi ang sariling bayang tinubuan. At ito nga ang itinampok sa isa pang tula, ang "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa." Ang pag-ibig sa kanya, anang tula, ang siya nang "pinaka." Tunghayan ang sumusunod na sipi:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa tinub'ang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Bakit napakahalaga ng pag-ibig na ito? Ang bayan ang siyang pinagkakautangan ng buhay at kamulatan, kung kaya, siya rin ang dapat pag-alayan ng buhay, mga sakripisyo at pagpupunyagi sa buhay.

Ay! Ito'y ang **Inang Bayang tinubuan**
Siya'y **ina't tangi na kinamulatan**
Ng kawili-wiling liwanag ng araw
Na nagbigay-init sa lunong katawan.

Sa kanya'y utang ang unang pagtanggap
Ng simoy ng hanging nagbibigay-lunas
Sa inis na puso na sisinghap-singhap
Sa balong malalim ng siphayo't hirap.

Pati ng magdusa't sampung kamatayan
Wari ay masarap kung dahil sa Bayan
At lalong maghirap, O! himalang bagay,
Lalong pag-irog pa ang sa kanya'y alay.

Kung ang Bayang ito'y nasasapanganib
At siya ay dapat na ipagtangkilik
Ang **anak, asawa, magulang, kapatid**
**Isang tawag niya'y tatalikdang pilit.**
**(Akin ang diin).**

Lalong tumitibay ang pag-ibig na ito sa Inang Bayan nang ikinabit sa Maykapal. Kompara sa isang karaniwang pag-ibig, nais itanghal ni Bonifacio na ito'y di-pangkaraniwan sapagkat banal. Ani Bonifacio sa kanyang "Katungkulang Gagawin ng mga Anak ng Z. LL. B.":

Gunamgunamin sa sarili tuwina
na ang matapat na pagsampalataya sa **Kanya**
ay ang pag-ibig sa **lupang tinubuan**
sapagkat ito ang tunay na pag-ibig sa **kapwa.**
…ang hangad ng bayan ay hangad din Niya.
(Akin ang diin.)

Isinakay din niya sa imahe ng babae ang adhikain ng Katipunan. Tunghayan ang ikalimang taludtod sa "Katungkulang…":

Paingat-ingatan gaya ng **puri** ang mga bilin at balak ng KKK.
(Akin ang diin).

Malay din si Bonifacio sa mataas na katayuan ng babae sa sinaunang lipunan. Aniya sa unang bahagi ng "Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog":

Itong Katagalugan ng pinamamahalaan noong unang panahon ng ating tunay na mga kababayan, noong hindi pa tumutuntong …ang mga Kastila….Bata't matanda at sampung **mga babae ay marunong bumasa at sumulat**.

Anupa't malay din siya sa talaban ng kalagayan ng babae at bayan. Kung kaya ang babaeng nilapastangan ay nagiging metapora din ng dinudustang bayan:

**…isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan ng ating Bayan.**

Mauulinigan din ang ganitong tono sa pagtuligsa sa pambabastos sa kababaihan sa "Ang mga Cazadores":

Sa mga **babae** na matatagpuan
Mga **unang bati'y** ang gawang **mahalay**
Kamuntik man lamang di nagpipitagan
Sa puring malinis na iniingatan.
(Akin ang diin.)

Sa lahat ng pandurusta sa babae, bata, matanda at sa bayan, lahat ng ito diumano ay nangangailangan ng paghihiganti at matinding kaparusahan. Ito ang isa sa kanyang panawagan sa "Katipunang Mararahas ng mga Anak ng Bayan."

> ….Yaong pagpapasunong nito sa mga **bata**, yaong paglapastangan at pagdungis sa kapurihan ng mga **babae** na di na pinakundanganan ang kanilang kahinaan, yaong pagputol ng buhay ng mga **matatanda**…ay humihingi ng isang masiglang paghihiganti at matinding kaparusahan. (Akin ang diin.)

Ang lahat ng pakikihamok ay hindi lamang basta paghahasik ng poot sa kaaway, bagkus ay pagkalinga bunga ng matimyas na pag-ibig sa bayan – na siyang huling hantungan ng wagas na kaligayahan. Sa kanyang tulang "Tapunan ng Lingap" mahihiwatigan ang ganitong pananaw ng Supremo:

> Aanhin ang yama't mga kapurihang
> Tanawin ng tao at wikang mainam
> Kung mananatili **ina nating Bayan**
> Sa Kastilang ganid, Kastilang sungayan?
> Kaya nga halina, mga kaibigan
> Kami ay **tulungang ibangon sa hukay**
> **Ang inang nabulid sa kapighatian**
> Nang upang magkamit ng kaligayahan.
> (Akin ang diin.)

Namumutawi sa mga linyang ito ang pagkilala ni Bonifacio sa ugnayang ina-anak bilang makapangyarihang motif sa tradisyon ng panitikang bayan. Kung ang mga akdang ito ang tekstong dinadaluyan ng napakatayog na pagpapahalaga ng Supremo sa bayan bilang babae at sa babae bilang bayan, ano naman ang konteksto, ang realidad na humulma sa saloobing ito? Sa kabila ng kadahupan ng mga isinulat tungkol sa Supremo, may mangilan-ngilang tala mula sa akdang biograpikal patungkol sa kanya na kasisilipan ng ilang katotohanan. Sa aklat na *Supremo, The*

*Story of Andres Bonifaci*o ni Sylvia Mendez Ventura (2001), may banggit tungkol sa pagiging lider o *cabecilla* ng kanyang inang si Catalina de Castro sa isang departamento sa pabrika ng tabako. Katorse lamang si Andres nang pumanaw ang kanyang mga magulang. At sa pangyayaring ito, inudyukan siya ng pagkakataong tumayo hindi lamang bilang ama, kundi lalo't higit bilang isa ring ina sa mga kapatid niyang naulila. Sa gayong murang edad sinimulan niyang suungin ang mga hamon ng pagpapalaki at pag-aaruga –isang malaking pananagutang bumalangkas sa kakayanan niyang mamuno ng isang napakalaking kilusan –ang kapatiran ng mga anak ng bayan. Disiplinaryan siya diumano, may kahigpitan laluna sa mga babae, subalit tunay namang mapagmahal na kapatid. Kung paano niya inaruga ang mga kapatid, gayundin ang prinsipyong gumabay sa kanyang pamumuno. Binigyang-diin niya sa kilusan ang pantay na pagkilala sa kakayahan at katayuan ng kababaihan at kalalakihan. Sa pagbibigay-daan sa mga kapatid, asawa at anak ng mga kasapi sa kilusan pinairal niya ang realidad at diwa ng isang kamag-anakang huhugutan ng lakas ng binubuong Bayan. Kung kaya hindi dapat pagtakhan kung bakit ang kanyang kapatid na si Espiridiona, halimbawa, ay magiging tanod sa Katipunan, tagapag-ingat ng bolo at baril ng kanyang kuya, maging ng iba pang kagamitan sa pagsapi sa kilusan. At hindi nagtagal, itinatag ang Sangay Pangkababaihan ng Katipunan kung saan nahirang din ang kanyang maybahay na si Oriang bilang Lakambini nito (Quindoza-Santiago 1992; Rodriguez 1999).

Sa pagtataya natin ng pananaw ni Bonifacio sa kababaihan, krusyal ang pagkakatatag ng Sangay Pangkababaihan. Tanda ito ng pagkilala ni Bonifaco sampu ng buong kilusan sa pantay na halaga ng papel ng babae at lalaki sa napakatayog na pakikibaka para sa ganap na kasarinlan. Ang lugar na pinagdarausan ng ritwal ng pagsapi ay tinatanuran ng kalalakihan sa superbisyon ng isang babae. Sa kanilang usapan ni Emilio Aguinaldo matapos ang unang tangkang pagsalakay, pinuri ng Supremo ang kalalakihan, kababaihan, maging ang mga kabataan sa Maynila na sumapi sa rebolusyon. Binanggit din niya sa pagkakataong iyon si Tandang Sora na nagpakain ng maraming Katipunero. Sa kanyang mga kasamahan, sinugpo ni Bonifacio ang pambababae kasama ng iba pang bisyong gaya ng sugal, paglalasing, katamaran, gayundin ang pagmamaltrato sa asawa.

At ang pagpapahalagang ito sa kababaihan ay maiimortalisa sa mga akda niyang nagtatanghal sa talaban ng babae at bayan, Ina at Bayan .

**Paglalagom**

May tatlong mahahalagang punto na naitampok sa papel na ito. Una, ang pagkilala ng Katipunan sa bayan bilang ina ay may batayang heograpikal. Ina o isang babae at hindi lalaki ang sagisag ng bayan sa isang lipunan at kalinangang mapang-ugnay at mapagtangkilik, gaya ng lipunan at kalinangang sumibol sa kapuluan. Ikalawa, nakaugat kung gayon, ang pagdadalumat na ito ng "Inang Bayan" sa kamalayang bayan. Damang-dama sa dalumat na ito ang holistikong pananaw sa daigdig ng mga naninirahan sa mapagkupkop na kapuluan.

At ikatlo, masusukat sa pagdadalumat ng "Inang Bayan" ang pinakamataas na pagkilala ni Bonifacio, sampu ng buong kilusan, sa kababaihan. Isinakay sa talinghaga ng babae ang "kabuuan" o kabansaan sa bisa ng kapatirang pinabanal ng tunay na pag-ibig, damayan at malasakit sa isa't isa. Inang Bayan ang dalumat na nagpapalagay ng pag-iral ng kapatiran. Pag-ibig ang dahilan kung bakit may kapatiran.

Nakaugat sa kalinangan/kamalayang bayan ang pananaw ni Bonifacio sa kababaihan bilang Bayang pinagkakautangan ng buhay, pinag-aalayan din ng buhay, at huling hantungan ng mga sakripisyo at punyagi sa buhay. Sa pagdadalumat ng "Inang Bayan," napatunayang hindi totoong inangkat ni Bonifacio ang ideyang rebolusyonaryo mula sa Europa. Sa dalumat ng "Inang Bayan" isinulong ni Bonifacio ang katutubong wika at tradisyon sa pagbubuo ng ideolohiya ng himagsikan. Kung kaya, naitampok ang mga pag-aakdang Katipunan (e.g. mga panulat nina Bonifacio, Jacinto at iba pa) bilang "makina ng deskolonisasyon" (Almario 56 at 61, 1993). Ibig sabihin, naging instrumento ang mga pagdadalumat at kaisipang ito ng paglaya sa kamalayan at kalinangang kanluranin na nagbigay-daan sa kolonyalismo, patriyarka at machismo. Sa huli't huli masasabing ang usapin ng pagpapalaya sa kolonyalismo ay hindi lamang usaping politikal, lalo't higit, usapin din itong pangkababaihan at pangkasarian na nakatahi sa ating kalinangan at kamalayan.

## TALASANGGUNIAN (REFERENCES)

Agoncillo, Teodoro. (1956). *Revolt of the Masses: The Story of Andres Bonifacio and the Katipunan.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Agoncillo, Teodoro (trans.). (1963). *Writings and Trial of Andres Bonifacio.* Manila: Antonio J. Villegas and the Manila Bonifacio Centennial Commission and the University of the Philippines.

Almario, Virgilio. (1993). *Panitikan ng Rebolusyon(g) 1896: Isang Paglingon at Katipunan ng mga Akda nina Bonifacio at Jacinto.* Quezon City: University of the Philippines Press.

Constantino, Renato. (1975). *The Philippines: A Past Revisited.* Quezon City: Tala Publishing.

Ileto, Reynaldo. (1979). *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Ileto, Reynaldo. (1998). *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse, and Historiography.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Magannon, Esteban. (1972). Trends in religious acculturation among the Lubo, Kalinga. In *Silliman Journal* Vol. XIX, No. 2. Second Quarter.

Mendez-Ventura, Sylvia. (2001). *Supremo: The Story of Andres Bonifacio.* Makati: Tahanan Books.

Navarro, Atoy. (1999). Kasaysayan at Talastasang Bayan sa Wikang Filipino: Sa Duyan ng Pagbubuo ng Inang Bayan, Bansa, at Sambayanan. *ADHIKA* 1 (1): 25-52.

Navarro, Atoy. (2000). Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan. Nasa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas,* bil. 11: 1-61.

Pertierra, Raul. (1988). *Religion, Politics, and Rationality in a Philippine Community.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Quirino, Carlos and Mauro Garcia. (1958). The Manners, Customs, and Beliefs of the Philippine Inhabitants of Long Ago: A Late 16th Century Manila Manuscript. *The Philippine Journal of Science* 87 (4).

Quindoza-Santiago, Lilia. (1992). Ang Kilusang Femenista at ang Katipunan. Nasa *Diliman Review,* Tomo 40, Blg. 1.

Rafael, Vicente. (1988). *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Rodriguez, Mary Jane B. (1999). Ang Kababaihan sa Himagsikang Pilipino. Nasa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas* blg. 7, 1-42. Unang nalathala sa *Ulat ng Unang Kumbensyon sa Tayabas Hinggil sa Sentenyal,* na pinamatnugutan nina Ryan Palad at Atoy Navarro. Lungsod Quezon: Limbagang Pangkasaysayan, 2008. Muling nalathala sa *Lagda: Opisyal na Publikasyon ng UP DFPP*, na pinamatnugutan nina Eugene Y. Evasco at Will P. Ortiz, 2009.

Rodriguez, Mary Jane. (2001). Ili ti Amianan: Ang Kamalayang-Bayan sa Panghimagsikang Tradisyon ng Hugpungang Kailokuan-Kaigorotan. *Masteradong tesis sa Kasaysayan*, Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Lungsod Quezon.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane B. (2006). Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino. Nasa *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas*, blg. 15: 1-70.

Salazar, Zeus A. (1997). Si Andres Bonifacio at Ang Kabayanihang Pilipino. *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas,* Blg. 2: 1-55.

Wallace, Benjamin. (1970). Shifting Cultivation and Plow Agriculture in Two Pagan Gaddang Settlements. Manila: National Institute of Science and Technology.